Sangguniang Panglungsod

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
**KALAKHANG MAYNILA**

**KAUTUSANG PANLUNGSOD BILANG – 01-03**

**KAUTUSANG PANLUNGSOD NA NAGLALAAN NG HALAGANG APATNARAAN DALAWAMPU'T LIMANG LIBONG PISO (P425, 000.00) PARA SA PROGRAMA AT PROYEKTONG ISASAGAWA NG MGA MIYEMBRO NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD HINGGIL SA PAGDIRIWANG NG "COUNCILORS' WEEK" ALINSUNOD SA PROCLAMATION NO. 212 NG PANGULO NG PILIPINAS NA IDINIDEKLARA ANG UNANG LINGGO NG SETYEMBRE NG BAWAT TAON BILANG "PHILIPPINE COUNCILORS' WEEK".**

************************************************************************

Ipinanukala: Kgg. Bal Niefes
Kgg. Nicanor L. Echavez
Kgg. Patricio L. Boncayao, Jr.
Kgg. Raul R. Corro
Kgg. Melchor R. Teves
Kgg. Icasiano M. Dela Rea
Kgg. Victor L. Ulanday
Kgg. Francis Ian T. Bagatsing
Kgg. Lucio B. Constantino
Kgg. Mario E. Bulay, Jr.
Kgg. Mamerto T. Sevilla, Jr.
Kgg. Rufino B. Joaquin

************************************************************************

**SAPAGKAT,** sa ilalim ng batas ng Pamahalaang Lokal ng 1991, ang bawat yunit ng Pamahalaang Lungsod ay pinahihintulutan na aktibong makibahagi sa implementasyon ng mga pambansang programa at proyekto upang maitaas at madagdagan ang kanilang kapabilidad;

**SAPAGKAT,** pinahihintulutan din na magkatipun-tipon ang mga Pamahalaang Lokal, pagsama-samahin at gawan ng koordinasyon ang kanilang mga gawain, serbisyo at kakayanan sa layuning makakabuti para sa kanilang lahat;

**SAPAGKAT,** ang Sangguniang Panlungsod, bilang lehislatibong kapulungan ng Pamahalaang Lungsod, ay may kapangyarihang magsabatas ng mga adhikaing pangkabutihan at pangkaunlaran para sa mamamayan na nasasakupan nito;

**SAPAGKAT,** ang pagdiriwang ng **National Councilors' Week** ay pagkilala sa mabuting tungkuling ginagampanan ng mga Miyembro ng Sangguniang Panlungsod;

**SAPAGKAT,** bilang pagpapatibay sa tungkuling ginagampanan, ang mga Miyembro ng Sangguniang Panlungsod ay magsasagawa ng iba't-ibang programa't proyekto kaugnay sa pagdiriwang ng nasabing **"Philippine Councilors' Week"**;

City Hall of Muntinlupa
National Road, Putatan, Muntinlupa City, Philippines
Tel. Nos. 842-27-11 * 842-23-77
Fax No. 8426196

***Pahina 2***
***Kautusang Panlungsod Blg. 01-03***

**NGAYON, DAHIL DITO,** pinagpasiyahan ng Sangguniang Panlungsod na maglaan ng halagang **Apatnaraan Dalawampu't Limang Libong Piso (P425, 000.00)** para sa mga programa't proyektong isasagawa ng mga Miyembro ng Sangguniang Panlungsod alinsunod sa pagdiriwang ng **"Philippine Councilors' Week"**, batay sa itinatadhana ng *Proclamation No. 212* ng Pangulo ng Pilipinas na idinideklara ang Unang Linggo ng Setyembre ng bawat taon bilang **Philippine Councilors' Week**.

**PINAGTIBAY,** ng Sangguniang Panlungsod ng Muntinlupa ngayong ika-30 ng Agosto, 2001, sa ginanap na ika-3 Natatanging Pulong.

**SINANG-AYUNAN:**

**BAL NIEFES**
*Konsehal*

**VICTOR L. ULANDAY**
*Konsehal*

**Dr. NICANOR L. ECHAVEZ**
*Konsehal*

**FRANCIS IAN T. BAGATSING**
*Konsehal*

**Mggl. PATRICIO L. BONCAYAO, JR**
*Konsehal*

**LUCIO B. CONSTANTINO**
*Konsehal*

**Mggl. RAUL R. CORRO**
*Konsehal*

**MARIO E. BULAY, JR.**
*Konsehal*

**MELCHOR R. TEVES**
*Konsehal*

**Engr. MAMERTO T. SEVILLA**
*Konsehal*

**Mggl. ICASIANO M. DELA REA**
*Konsehal*

**RUFINO B. JOAQUIN**
*Konsehal*

***LIBAN:***

**ALDRIN L. SAN PEDRO**
*Konsehal*

**ELMER S. ESPELETA**
*Konsehal*

**ALLAN REY A. CAMILON**
*Konsehal*

**RENE CARL S. CAYETANO**
*Konsehal*

**ARTEMIO A. SIMUNDAC**
*Kinatawan ng Sektor*
*Pangulo*
*Samahan ng mga Punongbarangay*

**PINATOTOTOHANAN,** ko ang katumpakan ng Kautusang ito.

**Mggl. ISIDORO L. SORIANO, JR.**
Kalihim
**SANGGUNIANG PANLUNGSOD**

**PINATUTUNAYAN:**

**Mggl. JO JASON T. ALCARAZ**
Pangalawang Punonglungsod/ Pangulong Opisyal

**PINAGTIBAY:**

**Mggl. JAIME R. FRESNEDI**
Punonglungsod
Petsa: __________

*Norie*